

Mga pakikipag-ugnayan sa mga inisyatibang laban sa kapootang panlahi- nilalaman ng website

Pangkalahatang-ideya ng mga inisyatiba laban sa kapootang panlahi

Tungkol saan ang pakikipag-ugnayan na ito?

Ang B.C. ay nagpapakilala ng isang pangunahing ipinag-utos na inisyatiba upang matugunan ang sistematikong kapootang panlahi, pagkamuhi at diskriminasyon, at upang gawing mas pantay, inklusibo at mapagtanggap ang lalawigan sa lahat, anuman ang lahi, kulay ng balat o pananampalataya na may batas para sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi upang gawing makabago ang mga sektor tulad ng pagpupulisya, pangangalaga sa kalusugan at edukasyon.

Inatasan ni Premier John Horgan si Rachna Singh, Kalihim ng Parliyamantaryo para sa mga Inisyatibo Laban sa Kapootang Panlahi na tugunan ang diskriminasyon at gawin ang B.C. isang mas pantay, inklusibo, at mapagtanggap na lalawigan para sa lahat sa pamamagitan ng:

- Pakikipagtulungan sa bagong Komisyonado sa Karapatang Pantao ng B.C., pamumuno ng mga Katutubo at mga kasosyo upang ipakilala ang batas na makakatulong na mabawasan ang sistematikong diskriminasyon at magbukas ng daan para sa batas sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi na mahalaga sa paggawa ng makabagong mga sektor tulad ng pagpupulisya, pangangalaga sa kalusugan at edukasyon.

Batas sa pag-data ng laban sa kapootang panlahi

Ang koleksyon ng data ng panlaban sa kapootang panlahi ay tungkol sa mas mahusay na pagkilala kung saan mayroong mga puwang at mga hadlang, upang makapagbigay kami ng mas mahusay na mga serbisyo para sa mga komunidad.

[Matuto nang higit pa tungkol sa pakikipag-ugnayan na ito](#)

Mga kaugnay na inisyatiba

Internasyonal na Dekada para sa Mga Taong Nagmula sa Africa [International Decade for People of African Descent (IDPAD)]

Ang Pamahalaan ng British Columbia ay nakatuon sa paglaban sa kapootang panlahi laban sa Itim at pagpapahayag ng Internasyonal na Dekada para sa Mga Taong Nagmula sa Africa. Ang pagpapahayag ay dapat na kasama ang mga konkretong solusyon para sa komunidad. Matuto nang higit pa tungkol sa IDPAD at kung paano ka makakasali.

[Matuto nang higit pa tungkol sa pakikipag-ugnayan na ito](#)

Namumuno sa proyekto



Rachna Singh

Kalihim ng Parliyamentaryo para sa mga Inisyatiba sa Laban sa Kapootang Panlahi

Si Rachna Singh ay nahalal bilang MLA para sa Surrey-Green Timbers noong Mayo 2017 at muling nahalal noong Oktubre 2020. Siya ang Kalihim ng Parliyamentaryo para sa mga Inisyatiba sa Laban sa Kapootang Panlahi.

Si Singh ay may isang batang pamilya. Nagtrabaho siya bilang isang tagapagpayo sa droga at alkohol, isang tagasuportang manggagawa para sa mga kababaihang nahaharap sa karahasan sa tahanan, at isang aktibista sa komunidad.

Batas sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi

Tulungan kaming hubugin ang batas ng pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi ng B.C.

Ang sistematikong kapootang panlahi ay umiiral saanman, kasama ang mga patakaran at mga programa ng pamahalaan. Iyon ang dahilan kung bakit kailangan namin ng mas mahusay na impormasyon upang matiyak na ang bawat British Columbian ay makakakuha ng mga serbisyo ng pamahalaan nang pantay.

Ang pampublikong konsultasyong ito ay makakatulong sa amin na mas kilalanin ang umiiral na mga puwang at lumikha ng isang mas mapagsamang lalawigan.

Talaorasan ng Pakikipag-ugnayan: Ang pagsisiyasat ay bukas hanggang Enero 31, 2022.

[Kunin ang pagsisiyasat sa karanasan](#)

Alam namin na ang sistematikong kapootang panlahi ay umiiral sa mga patakaran at mga programa, at ito ay may negatibong epekto sa mga tao at mga komunidad. Titiyakin ng batas na ito na ang mga serbisyo ay maihahatid nang pantay at pahintulutan ang mga komunidad na mas mahusay na magtaguyod para sa kanilang sarili.

Iyon ang dahilan kung bakit inatasan ni Premier John Horgan si Rachna Singh, Kalihim ng Parliyamentaryo para sa mga Inisyatibo Laban sa Kapootang Panlahi na tugunan ang diskriminasyon at gawin ang B.C. isang mas pantay, inklusibo, at mapagtanggap na lalawigan para sa lahat sa pamamagitan ng:

- Pakikipagtulungan sa bagong Komisyonado sa Karapatang Pantao ng B.C., pamumuno ng mga Katutubo at mga kasosyo upang ipakilala ang batas na makakatulong na mabawasan ang sistematikong diskriminasyon at magbukas ng daan para sa batas sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi na mahalaga sa paggawa ng makabago ang mga sektor tulad ng pagpupulisya, pangangalaga sa kalusugan at edukasyon.

Ang koleksyon ng data ng panlaban sa kapootang panlahi ay tungkol sa mas mahusay na pagkilala kung saan mayroong mga puwang at mga hadlang na umiiral, upang makapagbigay kami ng mas mahusay na mga serbisyo para sa mga komunidad.

Ang kasosyo at pampublikong pakikipag-ugnayan ay pinangungunahan ng Kalihim ng Parliyamentaryo at bubuo sa mga natuklasan at mga rekomendasyon ng dalawang pangunahing ulat na inilabas noong huling bahagi ng 2020:

- [Sa Malinaw na Paningin \[In Plain Sight\]: Pagtugon sa Partikular na Katutubong Kapootang Panlahi at Diskriminasyon sa Pangkalusugang Pangangalaga ng B.C.](#)
- [Di-pinagsamang koleksyon ng demograpikong data sa British Columbia: Ang pananaw ng lola](#)

Ibahagi ang iyong karanasan

Kailangan namin ng di-pinagsamang data upang wasakin ang mga hadlang na hinaharap ng mga taong gumagamit ng mga serbisyo ng pamahalaan, kilalanin ang mga puwang at maghatid ng mas mahusay na mga suporta. Ang data at impormasyon na sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng mga karanasan mula sa mga komunidad sa B.C. ay tutulungan kami na lumikha ng isang mas inklusibo, makatarungang lalawigan.

[Kunin ang pagsisiyasat sa karanasan](#)

Mag-punong-abala ng konsultasyon sa komunidad

Isa ka bang organisasyon, pangkat ng komunidad o asosasyon? Mayroon ka bang mga miyembro na mayroong mahalagang payo upang ibahagi sa batas ng pag-data laban sa kapootang panlahi? Maaari kang maging karapat-dapat upang makatanggap ng isang gawad upang mag-punong-abala ng iyong sariling konsultasyon.

[Kumuha ng karagdagang impormasyon](#)

Mga susunod na hakbang

Ang katugunan mula sa pakikipag-ugnayan sa publiko ay makakatulong sa pamahalaan na ipakilala at baguhin ang batas at mga patakaran na makakatulong sa paglikha ng isang mas ligtas, mas inklusibong lalawigan para sa bawat British Columbian. Makukuha ang isang buod ng katugunan sa website na ito.

Talaorasan ng Pakikipag-ugnayan:

Kautusan

Inatasan ni Premier John Horgan si Rachna Singh, ang Kalihim ng Parlyamentaryo para sa mga Inisyatiba Laban sa Kapootang Panlahi na harapin ang diskriminasyon sa lahi sa B.C. Bilang bahagi ng sulat ng kautusan, ang pamahalaan ay dapat gumawa ng bagong batas na magbabawas ng sistematikong diskriminasyon at magbibigay daan para sa batas sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi. Ang batas na ito ay makakatulong na gawing makabago ang mga sektor tulad ng pagpupulisya, pangangalaga sa kalusugan at edukasyon.

Paunang gawain

Nakatanggap ng input mula sa Tanggapan ng Komisyon ng Karapatang Pantao sa kung paano makokolekta ng pamahalaan ang data sa isang paraan na sensitibo sa mga pangangailangan ng mga komunidad na aming pinaglilingkuran.

Pumili ng mga konsultasyon

Inanyayahan ni Singh ang Pamunuang Konseho ng First Nations [First Nations Leadership Council], walong mga miyembro ng Modern Treaty Alliance, ang mga Sentro ng Metis Nation ng BC at Asosasyon para sa Aborihinal na Pagkakaibigan [Association for Aboriginal Friendship], na makipagpulong sa kanya upang pag-usapan ang mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan.

Paglunsad ng website ng pakikipag-ugnayan

Ang website ng mga Inisyatiba sa Pakikipag-ugnayan Laban sa Kapootang Panlahi ay inilunsad kung saan ang mga indibidwal ay maaaring magpalista upang makatanggap ng mga pagbabago.

Mga pagpupulong sa komunidad

Noong Abril at Mayo 2021, nakipagpulong si Singh sa 10 pangunahing mga kasosyo at organisasyon, na kumakatawan sa pamumuno ng Katutubo, pati na rin ang mga komite ng pagpapayo at mga organisasyon na pinangunahan ng Iitim at iba pang mga kasapi ng pinaglahing komunidad na nakikipagtulungan sa pamahalaan sa pamamagitan ng Resilience BC Anti-Racism Network at iba pang mga lugar upang suportahan ang mga inisyatiba laban sa kapootang panlahi sa buong lalawigan.

[Basahin ang ulat kung ano ang aming narinig.](#)

Pakikipag-ugnayan ng publiko sa batas sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi

Batay sa payo ng aming mga kasosyo at pamumuno ng Katutubo, naglunsad ang Lalawigan ng mas malawak na pakikipag-ugnayan sa publiko sa batas sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi.

Impormasyon sa gawad sa komunidad

Paano gumagana ang proseso ng pakikipag-ugnayan

Ang Lalawigan ay humihingi ng katugunan mula sa magkakaibang etnokultural at mga pinaglahing komunidad sa pagbuo ng batas sa pag-data ng panlaban sa kapootang panlahi.

Upang suportahan ang mga komunidad na nagnanais na magpunong-abala ng mga pag-uusap sa kanilang mga miyembro, ang pagpopondo ng hanggang \$50,000 ay ginawang magagamit para sa mga komunidad upang makipagtulungan sa pangkat ng Pakikipag-ugnayan upang magsagawa ng mga konsultasyon sa isang nagtutulungang proseso.

Ang mga aplikasyon ay tatakbo hanggang Setyembre 30, 2021, o hanggang sa ang mga pondo ay lubos na inilalaan, alinman ang mauna.

Ang mga kasosyo sa komunidad at mga organisasyon ay maaaring mag-aplay para sa pagpopondo sa pamamagitan ng pahinang ito, at kung matagumpay ay bibigyan ng mga pondo upang magsagawa ng mga sesyon ng pakikipag-ugnayan sa komunidad sa pakikipagtulungan sa Lalawigan.

Ang mga matagumpay na aplikante ay makikipagtulungan sa isang dalubhasa ng Pakikipag-ugnayan upang maghanda, magpatupad at mag-ulat ng mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad.

Pagpopondo

Ang pagpopondo ng hanggang \$50,000 ay nagawang magagamit sa mga etnokultural at pinaglahing mga organisasyon ng komunidad upang magsagawa ng mga sesyon ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad. Magagamit ang pagpopondo sa isang dausdos na sukatan, at ibabahagi sa isang proseso ng lagisli na paggamit, na tinatasa ang mga aplikasyon habang dumadating sila. Ang aplikasyon ay makukuha lamang sa Ingles.

[Mag-aplay dito](#)

Mga kinakailangan sa aplikasyon

Mangyaring sumanggunii sa [pormularyo](#) at [listahan ng impormasyon](#) upang matiyak na ikaw ay karapat-dapat at ganap na natutugunan ang mga pamantayan bago mag-aplay.

Mga kinakailangan sa pag-uulat

Kakailanganin mong makipagtulungan sa namumuno upang magsumite ng isang ulat sa kung paano mo ginamit ang mga pondo at ang mga resulta ng proseso ng pakikipag-ugnayan.

Kabilang dito ang:

- Mga detalye sa bilang ng mga kalahok, kanilang pangkalahatang lokasyon sa heograpiya, pati na rin ang iba pang nauugnay na data ng demograpiko.
- Isang mataas na antas na buod ng pangkalahatang proseso ng pakikipag-ugnayan
- Ibigay ang mga tugon sa mga katanungang ibinigay sa panahon ng sesyon ng pakikipag-ugnayan (o mga sesyon kung nagpupunong-abala ng marami).
- Kung may mga pagbabago sa ipinanukalang badyet, magbigay ng 2-4 na mga puntos tungkol sa mga pagbabagong ito

Paano gagamitin ang gawad

Mga karapat-dapat na gastos sa gawad

Ang mga karapat-dapat na gastos ay dapat para sa direktang mga gastos na kinakailangan upang magsagawa ng mga sesyon ng pakikipag-ugnayan. Ang mga tatanggap ng gawad ay maaaring gastusin ang pagpopondo sa isa o higit pa sa mga sumusunod na kategorya:

- Mga materyales sa kaganapan o workshop, tulad ng:
 - Mga pen, papel at iba pang mga kagamitan
- Mga bayarin, tulad ng:
 - Mga bayarin sa koordinator ng proyekto
 - Mga bayarin ng Facilitator
 - Mga bayarin ng workshop
- Pagkain at inumin, tulad ng:
 - Pagkain at mga hindi inuming alkohol para sa mga kalahok at mga boluntaryo
- Mga honorarium, mga bayarin at kasunduan sa kontrata, tulad ng:
 - Mga Katutubo o iba pang mga kulturang nakatatanda
 - Mga facilitator, mga tagapagsalita, at mga kultural na manggagawa
 - Mga tekniko
 - **Tandaan:** Ang mga salungatan ng interes ay kailangang kilalanin nang maaga
- Pagmemerkado at komunikasyon, tulad ng:
 - Mga anunsiyo sa dyaryo
 - Mga bayarin sa disenyo ng grapiko
- Pag-upa ng kagamitan, tulad ng:

- Pag-iilaw, tunog at audio-visual
- Kagamitan sa palakasan
- Mga gastos na nauugnay sa COVID-19, tulad ng:
 - Mga personal na kagamitang pamproteksyon
 - Mga bayarin sa pagpunong-abala sa online
 - Paglikha ng digital na nilalaman
 - Mga kinakailangan sa virtual na teknolohiya
 - Iba pang nauugnay na mga gastos na natamo dahil sa mga protokol ng COVID-19 sa oras ng paghahatid ng programa
- Ang mga gastos sa transportasyon kung saan ang transportasyon ay hadlang sa pakikilahok
- Pagrenta ng lugar
- Mga gastos ng boluntaryo

Hindi karapat-dapat na mga gastos sa gawad

Ang mga aplikasyon na naghahanap ng pagpopondo ng gawad upang masakop ang mga gastos sa isa o higit pa sa mga sumusunod na kategorya ay hindi isasaalang-alang:

- Mga suweldo at bayarin na hindi direktang nauugnay sa paghahatid ng proyekto
- Mga kapital na proyekto
- Mga pagbili ng pangunahing kagamitan
- Alkohol
- Mga umuulit na gastos sa negosyo, tulad ng:
 - Pagrenta ng lugar pang-opisina
 - Palingkurang-bayan, telepono at iba pang umuulit na gastos